8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin

6

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 8**
**Kuwarter 1: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Irene N. San Miguel

**Tagasuri:**

- Evelyn Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Center

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER / BAITANG**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon Propaganda hanggang Panahon ng Himagsikan at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay at animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nauunawaan ang tekstong persweysib gamit ang mga kasanayang pang-akademiko**<br>**Teksto Editoryal: Uri at Bahagi**<br>(a.) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa tekstong editoryal<br>(b.) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon sa editoryal (pagtukoy sa ideya, paglalarawan ng sipi paggalugad sa iba pang detalye, pag-aanalisa, at pagtataya ng mga mapanghikayat na salita<br>at pahayag)<br>(c.) Nasusuri ang bahagi ng editoryal sa binasang teksto<br>(d.) Naibabalangkas ang mahahalagang detalye at ideya mula sa tekstong editoryal<br>(e.) Nailalahad ang katangian ng bawat uri ng editoryal<br>(f.) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon,estilo, transisyonal at kohesiyong<br>gramatikal kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa<br>(g.) nakasusulat ng editoryal nasusunod ang mekaniks sa pagbalangkas nito<br><br>**Nasusuri ang tekstong persweysib batay sa estruktura nito (punto, ebidensya, at analisis)**<br>(a.) Natutukoy at nauunawaan ang pangunahing argumento o layunin ng isang tekstong persweysib. |

| | |
|---|---|
| | (b.) Nakapagbibigay ng mga halimbawa ng mga datos, estadistika, at iba pang impormasyon na nagpapalakas sa argumento ng teksto.<br>(c.) Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malinaw na punto sa isang teksto upang maiparating ang mensahe ng may-akda.<br><br>**Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br>**Mga Elemento ng tekstong biswal ng rebyu ng aklat**<br>(a.) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal sa editoryal cartoon ( laki, espasyo, kulay linya, anyo at imahen)<br>(b.) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at persweysib) |
| **D. Nilalaman** | Panahon ng Propaganda at Himagsikan<br><br>• Uri at Bahagi ng Editoryal<br>• Pagsulat ng Editoryal<br>• Gabay sa Pagrebyu ng Aklat<br>• Mga Elemento ng Tekstong Biswal (laki espasyo, kulay , Linya anyo at imahen)<br>Estereotipo(uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, LGBTQ at PWD) |
| **E. Integrasyon** | Edukasyong Pangkapayapaan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| “Filipino at mga Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino.” (n.d.). https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf<br>EDITORYAL — Pilipinas, mahirap na bansa para sa mga mamamahayag. (n.d.). Philstar.com. Retrieved June 30, 2024, from https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2024/05/05/2352725/editoryal-pilipinas-mahirap-na-bansa-para-sa-<br>Salazar, Z. A. (2004). Kasaysayan ng Kapilipinuhan. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng-kapilipinuhan.pdf<br>Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc. Quezon City. slideshare.net/iaintcarlo/uri-ng-sanaysay |

Torres, Cesario Y. Teresita P. Capili-Sayo (1997). Sining ng Malikhaing Pakikipagtalastasan. Rex Bookstore, Manila, pahina 1-2
Villanueva, V. M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino). VMV Publishing House. Makati: Bangkal

Bing. (n.d.). Bing. Retrieved June 30, 2024, from https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=j%2FKBHnlQ&id=B66A6B72F04443A51768FDB618415A31D09FB235
Bing. (n.d.). Bing. Retrieved June 30, 2024, from https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=zTFI91Oz&id=78339E2621DE81C97ABCDE5C773393F61https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=1Sth0weL&id=6329BA2B713F304B23E312379EADC9972715C142

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Balik-aral**<br>**SANAY-TAWAG:** Pagtapatin ang kaugnay na pahayag na nasa hanay A sa katawagan sa Hanay B.<br>**Hanay A** / **Hanay B**<br>a. Ito ay paglalahad ng kaisipan at damdamin ng manunulat sa paksang talakayin. — a. Gitna<br>b. Uri ito ng sanaysay na ang layunin ay bigkasin sa madla upang manghikayat. — b. Maanyo<br>c. Layunin ng talata na magbibigay ng impormasyong makatotohanan at kapani-paniwalang katuwiran. — c. Malaya<br>d. Bahagi ng sanaysay na nagbibigay ng kabatiran at tumatalakay sa paksa — d. Sanaysay<br>e. Ito ay bahagi ng sanaysay sa hulihang mabisang pagwawakas. — e. Talumpati<br>f. Uri ng sanaysay na magaan, nakikipag-usap, nakalilibang — f. Kongklusyon<br>g. Uri ng sanaysay gumamit ng piling salita at pagsasaliksik na mabibigat na isyu o paksain — g. Naglalahad<br>h. Tekstong nagtataglay ng mga impormasyong tumatalakay sa isang paksain — h.Manghikayat<br><br>**2. BASATNUBAY:** Basahin ang talataan kaugnay sa isang paglalahad.<br>**Sanaysay: Estilo, Uri at Layunin Nito** | Ang guro ay maaaring pagpipilian ang mga gawaing inihanda.<br><br>Maaaring oral o pasalita ang bahaging ito ng balik-aral.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>a. Sanaysay<br>b. Talumpati<br>c. Manghikayat<br>d. Gitna<br>e. Kongklusyon<br>f. Malaya<br>g. Maanyo<br>h. Naglalahad<br><br>Gamitan ng modifikasyon kung nais<br>Maaaring dagdagan ang katanungan |

Ang sanaysay ay isang katha, ito ay pagsulat ng mga pag-uulat at pagsulat ng isang pananaliksik. Marami ang mga uri nito, nakasulat sa tuluyan o prosa. Kung ang pangunahing layunin ay magpaliwanag at magbigay ng kuro-kuro tungkol sa mga bagay-bagay ito ay isang paglalahad. Kapag nagsasalaysay ng isang karanasan ito ay salaysay. Paglalarawan naman kung ito'y tungkol sa katangi-tanging katangian at kahalagahan ng paksa. Maaari rin namang taglay lahat ng isang sanaysay ang mga uring ito.

Batay naman sa estilo ng pagkakasulat ng sanaysay, nakikilala ito sa pagiging pormal o di pormal.

Di-Pormal- Higit na personal ang daloy ng mga pananalita .Gumagamit ng kolokyal o salitang pamilyar lamang sa maykatha pagkat sa kabuuan ay personal at parang nakikipag-usap ang himig ng sanaysay.

Pormal- nagtataglay ng mga katangiang gumagamit ng pag-uulat ng mga pag-aaral o pagtalakay sa paksa pagkatapos ng pananaliksik, umiiwas gumamit ng kolokyal sapagkat ang pangunahing layunin ay makapagpaliwanag at maglahad.

May iba't ibang uri ng sanaysay tulad nito:

**SURING-SANAY:** Tukuyin kung pormal o di-pormal ang sumusunod. Ipaliwanag.

| Uri | Estilo | Layunin |
|---|---|---|
| a. Talumpati | | |
| b. Pananaliksik | | |
| c. Komentaryo | | |
| d. Panayam/Ulat | | |
| e. Lathalain/Pitak | | |
| f. Liham Pangangalakal | | |
| g. Editoryal | | |

**3. Pagkuha ng Fidbak**

**Panuto:** Lapatan ng tsek ang mabuting halaga ng sanaysay sa bumabasa

pagpapamulat | pagpapabatid
paglikha ng panulat | pakikisangkot
pakikipag-batikusan | paninira
pagiging masining | pananakit
pagbibigay- reaksyon | pakikipag-ugnayan




Maaaring gamitin ng guro upang maiugnay sa sanaysay ang ilan pang uri tulad ng editoryal

I-proseso ang sagot ng mag-aaral mula sa patnubay na tanong.

Estilo -Layunin nito
a.pormal
b.pormal
c.di-pormal
d.pormal
e.pormal
f.pormal
g.pormal

Fidbak

/pagpapamulat
/ pagpapabatid
/paglikha ng panulat
/pakikisangkot
pakikipag-batikusan
paninira
/pagiging masining
pananakit
/pagbibigay-reaksyon
/pakikipag-ugnayan

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>

**IKALAWANG ARAW**

**1. Panghikayat na Gawain**

**LARAW-SURI**<br>
Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa nilalaman ng editoryal kartun. Gawing interaktibong talakayan ng mag-aaral sa pagsagot.

***Maghanap ng larawan ng editorial patungkol sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin.***

- **1.Ano ang ibig ipahiwatig ng nagpaplakard ng produkto?**
- 2. Ano ang sinisimbolo ng mga produkto sa cartoon?
- 3. Ano kaya ang ibig sabihin ng malalaking mata ng mga **tao?**
- 4. Ano ang nais iparating ng larawan?
- 5. Ito ba ay patuloy n problema ng bansa, paano naapektuhan ang Pilipino?
- **6. Ano ang tawag sa larawang ito na ginamit sa editoryal?**

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**PAHAYAG-HUGOT: Panuto:** Basahin nang buong pag-unawa ang paksain.

**Alam N'yo Ba?**

Ang ating kauna-unahang pahayagan ay mauugat sa panahon ng pagkakaroon ng imprenta noong 1689, ang kauna-unahang imprentahan sa Pilipinas sa publikasyon ni

</td>
<td>

Maaaring gumamit ng iba pang editorial cartoon ang guro at iayon ang mga tanong.

*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*

Tiyakin na ang pagsusuri ay may kaugnay na kaalaman ng mag-aaral.

Ipabatid ng guro sa mag-aaral na maaring mabasa ang iba pang mga nalathala na pahayagan sa panahong ito at katangian nito.

</td>
</tr>
</table>

Tomas Pinpin. Sa Panahon ng Himagsikan, nagkaroon ng iba't ibang paglalathala ng pahayagan na ang ilan ay patago sa layuning di matunton ang mga sumulat. Inilihis pa na sa ibang bansa ito nailathala. Ang ilang pahayagan ay nakilala sa sirkulasyon sa maikling panahon.

Layunin sa panahong ito ang magpabatid. Gumamit ng sagisag-panulat (pen name) ang mga Pilipino sa dahilang naglalahad ito ng mga kasamaan at pang-aabuso ng mananakop na Espanyol, gayundin ng mga nagsamantalang prayle sa kanilang pagpapasunod.




Litrato ng La Solidaridad. (n.d.). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:La-solidaridad2.jpg.

1888- 1889 La Solidaridad, Patnugot ni Marcelo H Del Pilar/Graciano Lopez Jaena, ito ay may mga artikulo ng sanaysay at tulain ng mga Pilipino kaugnay sa pang-aabuso ng Espanyol




Retrato (The Photo Archive of the Filipinas Heritage Library). (2009). Diariong Tagalog, Jueves, 1 de Enero de 1882 [Online Photo]. Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Diariong_Tagalog.jpg.

1882-1885 Diariong Tagalog may wikang Espanyol rin sa Patnugot ni Marcelo H Del Pilar, taglay nito ang kaisipan nag-uudyok ng reporma sa pamahalaan at pang-aabuso ng mga prayle, mababasa ang puna sa di mabuting pamamalakad ng

____________________________________
____________________________

https://tl.wikipedia.org/wiki/La_Independencia
https://tl.wikipedia.org/wiki/Diariong_Tagalog

**https://www.reddit.com/r/Philippines/comments/mo5smd/diario_de_manila_was_a_spanish_language_newspaper/?rdt Diario**

https://tl.wikipedia.org/wiki/La_Solidaridad

Maaari ring magpakita ng bahagi ng pahayagan at nilalaman nito sa kabuuan at saang pahina, bahagi ito makikita sa kabuuan.
Tiyakin na masuri ang pahina, Editoryal, Editorial Cartoon, at bahagi ng bumubuo ng Staff ng pahayagan.

Larawan: Bahagi ng Pahayagan
1. pangmukhang balita
2. balitang pandaidig
3. bal pampamayanan
4. editoryal
5. pitak


ANG KALAYAAN

Facsimile of the first page of Kalayaan, Katipunan's only newspaper. Dated January 1896 [Online Photo]. (n.d.). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Kalayaan_Katipunan_first_page.png.

1896- Kalayaan Patnugot: Emilio Jacinto, sa buwan ng Enero nalatlahala sa tagong lugar ng Maynila, at sa Yokohama ipinakilala ang publikasyon, ipinatigil rin ito bago pa ang ikalawang isyu ng magkaroon ng pag-aalasa

***Maghanap ng larawan ng “Diario de Manila”***

1848-1898 Diario de Manila/Wikang Espanyol Isabelo Delos Reyes kalaunan ipinasara dahil sa pag -imprenta ng rebolusyunaryong babasahin at naging El Amor Patrio 1896 sa Patnugot ni Jose Rizal

***Maghanap ng larawan ng “La Independencia”***

1898- 1900 La Independencia Patnugot,Direktor Antonio Luna,isa sa mga pahayagang rebolusyonaryo na lumaganap upang pukawin ang damda-ming Pilipino sa paghihimagsik laban sa mga Espanyol. Ito ang naging pinaka-tanyag at mahalagang pahayagan ng rebolusyon. Karamihan ng artikulo ay sumasalamin sa damdaming nasyonalismo at pagmamahal sa bayan.

6. bal panlipunan
7. panlibangan
8. patalastas
9. obituaryo
10. pang-isport

Sikapin ng guro makapagsuri ng halimbawa ng Editoryal na nagtataglay ng ng mga layunin sa bawat bilang:

*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*

***Maghanap ng larawan ng "El Comercio"***

1858- 1925 El Comercio
Nakasulat sa wikang Espanyol kaugnay sa kalakalan ng mga bansa

Ang pahayagan o diyaryo ay naglalaman ng balita, impormasyon, patalastas. Kadalasan araw-araw itong inilalathala. Taglay nito ang iba't ibang seksyon o bahagi. Matatagpuan dito ang **Editoryal** na nagsasaad ng balita at reaksyon ng editor o pangulong-tudling ng pahayagan.

Sa Editoryal mababasa ang kuro-kuro ng editor o pangulong-tudling. Ang kabuuan nito ay napapanahong balita sa bansa at ang halaga nito sa bayan upang ibahagi ng editor ang pagtalakay at reaksyon sa isyu ayon sa naidudulot nitong kabutihan o kasamaan sa mamamayan at sa bansa.

**Mga Uri ng Editoryal at Layunin Nito**

1. Nagpapabatid- ipinaliliwanag o nililinaw ang isang isyu sa hangaring higit na maunawaan ang balita o pangyayari Hal:
2. Nagpapakahulugan- binibigyang-kahulugan ang isang pangyayari o kalagayan sag-ayon sa paninindigan o pananaw ng pahayagan
3. Namumuna – isang hayagang pamumuna ngunit di naman pagbabatikos tungkol sa isang maling isyu. Layunin nitong magmungkahi.
4. Nanlilibang- nahahawig ito sa sanaysay na impormal , tumatalakay ito sa anumang panig ng buhay, kayat madalas na nakawiwili ang paksa, nakpagbabalik ng sentimental na alaala
5. Nagpapahalaga- pagpapahalaga sa natatanging araw tinatalakay nito ang mga pambansang pagdiriwang gaya ng Pasko, Todos Los Satos, at ibpa.
6. Nanghihikayat- Mabisang nanghihikayat sa mga mambabasa upang sumang-ayon sa isyung pinapanigan o pinaninidigan ng pahayagan.

| | | |
|---|---|---|
| | Mga pahayag na ginagamit sa panghihikayat:<br>- totoo, /tama - kaya natin ito sama na<br>- tunay - -siguradong tara<br>- Talaga - ngayon na kitang-kita<br>- tumpak - siyempre ito<br>- pero/subalit - naniniwala akong<br><br>**3. Paghahawan ng Bokabularyo**<br>**Panuto:** Punan ng letra ang patlang upang mabuo ang diwa ng pahayag.<br><br>**a. W__ __ __ Phil__ __ __ __ __ __ __ S__ __** ang inaangkin ng China.<br>**b. Arbit__ __ ry rul__ __ g** tawag sa pasya ng lahat sa nakatataas.<br>**c. Ma __ __time d __ __** pute ay pandagat na sigalutan o labanan.<br>**d. S __ __ __reign rights** ay karapatang pambansa.<br>**e. Histo__ __ c rights** karapatan mula pa sa kasaysayan.<br>**f. __ __ __lomatic negotiation** ay mapayapang pakikipagnegosasyon. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **1. GABAY-TANONG:** Isaisip ang mga gabay na tanong sa ibaba.<br>Paano masusuri ang sanaysay bilang editoryal na nanghihikayat ayon sa layon nito?<br>Ano -ano ang mga uri, nilalaman, bahagi ng isang editoryal?<br><br>**2. PAGPAPABASA**<br>**GAWAIN 1. SURI-BASA Panuto:** Pakasuriin ang inilalahad ng editoryal at ang kaugnay na editoryal Kartun. Sagutin ang mga tanong.<br><br>**Ipaglaban ang WPS**<br><br>***Maghanap ng larawan ng editorial patungkol sa pahayag ni Pangulong Bongbong Marcos sa West Philippine Sea.*** | Magbibigay ang guro ng iba pang babasahin tungkol sa salita. Ipapanood ang balita kaugnay rito<br>https://www.youtube.com/watch?v=9aNUGnSZqW0<br>Youtube:<br>Hal: claim<br>Marital coastal<br>EEZ<br>Maaaaring dagdagan pa ang listahan ng mga bokabolaryong lilinangin ayon sa kakayahan ng mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| | Ayon kay president-elect Bongbong Marcos, hindi siya papayag na mayapakan kahit ang pinakamaliit na sukat ng maritime coastal ng bansa. Mayroon aniyang ruling na pumapabor sa Pilipinas at ito ang nararapat gamitin para maipaglaban ang karapatan sa teritoryo.<br>Ang pahayag ay may kaugnayan sa maritime dispute ng Pilipinas sa China sa ipinaglalabang karapatan sa teritoryo. Ayon pa kay Marcos, hindi ito claim kundi territorial rights. Dagdag pa niya, napakasagrado ng ating soberanya at hindi ito dapat ikinukumpromiso.<br>Sa mga pahayag ni Marcos, malinaw na isusulong niya ang arbitrary ruling anuman ang mangyari. Kabaliktaran ito ng sinabi ni President Duterte noong nakaraang taon na "kapirasong papel" lamang ang ruling at kapag ipinilit, maaari raw pagmulan ng giyera laban sa China. Ayaw daw niyang makipaggiyera sa China.<br>Sa inilabas na ruling noong Hulyo 2016, kinatigan ng United Nations tribunal ang karapatan ng Pilipinas sa pinag-aawayang teritoryo sa South China Sea. Ayon sa UN, walang legal na basehan ang China sa sinasabi nilang historic rights at sa iginigiit nilang 9-dash-line claim sa inaangking teritoryo. Ayon pa sa tribunal, lumabag anila ang China sa sovereign rights ng Pilipinas makaraan ang mga mararahas na aksiyon laban sa mga Pilipinong mangingisda noong 2013. Nilabag din ng China ang karapatan ng mga Pilipinong mangingisda na makapangisda sa Panatag o Scarborough Shoal makaraang magtayo roon ng mga istruktura. Ang lugar ayon sa tribunal ay maaaring pangisdaan ng kahit sino at walang karapatan ang China na magbawal sa mga gustong mangisda sa shoal.<br>Maraming natuwa sa pagpanig ng UN tribunal sa inihaing reklamo ng Pilipinas. Isang malaking tagumpay anila ang pagkatig ng tribunal at maaari nang masimulan ang pakikipagnegosasyon sa China para magkaroon na nang lubos na pagkakaunawaan. Kung magkakaroon ng pagkakasundo, maaari nang maipagpatuloy ng mga mangingisdang Pinoy ang kanilang paghahanapbuhay.<br>Subalit hindi kinilala ng China ang ruling ng UN. Null and void daw ito. Binu-bully ang mga mangingisdang Pinoy. Noong Abril 2021, 300 barko ng China ang humimpil sa Julian Felipe Reef na nasa exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas. Noong nakaraang Disyembre 2021, binomba ng tubig ng Chinese Coast Guard ang dalawang bangkang Pinoy na maghahatid ng supply sa mga sundalong nasa Ayungin Shoal.<br>Ang pahayag ni Marcos na ipaglalaban ang ruling sa territorial rights ay magandang balita. Ito ang dapat marinig sa pinuno ng bansa.<br>**Pagpoproseso sa pag-unawa sa binasa:**<br>1. Ano ang pinapaksa sa binasang editoryal?<br>2. Ang pamagat ba ay may kaugnayan sa paksa? Patunayan ang ideyang nakuha.<br>3. Ano-ano ang layon ng sumulat? | https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2022/06/02/2185449/editoryal-ipaglaban-ang-wps |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Nagawa ba sa isyu na idetalye ang inilahad na balita? Nasagot ba ang tanong na (**kailan, saan, ano, sino at paano**)? Itala ang mga sagot kaugnay rito.<br>5. Mahalaga bang talakayin ng sumulat ang isyu, Bakit?<br>6. May kaugnayan ba ang Editorial Cartoon sa nilalaman ng binasa? Ipaliwanag.<br>7. Paano ipinahiwatig ng sumulat ang reaksyon sa sinulat?<br>8. Naipahayag ba ang pagpapabatid, panghihikayat, pagpuri ng sumulat? Alin-alin salita?<br>9. Mabisa ba ang ginamit na editoryal na kartun? bigyan ng kaugnayan ang iguhit sa editoryal.<br>10. Sa kabuuan, makabuluhan ba ang pagkakasulat ng editor, patunayan?<br><br>**Tala:**<br>**Bahagi ng Editoryal**<br><br>1. Panimula – dito binabanggit ang isyu o balitang tatalakayin.<br>2. Katawan – ipinahahayag ang opinion o kuro-kuro ng patnugot, maaaring ilahad sa pamamagitan ng paglalarawan gayundin ang *pro* (pagpanig) o *con* (pagsalungat) sa isyung tinalakay.<br>3. Dito ipinapahayag ang bahaging panghihikayat o paglagom upang mabuo sa isipan ng mambabasa ang pananaw na nais ikintal ng editoryal.<br><br>**GAWAIN 2. HIMAY-TORYAL: Pagsusuri sa Bahagi at balangkas ng Editoryal**<br>**PANUTO:** Isulat sa kahon ang pagsusuri sa kabuuan ng Editoryal na binasa.<br><br>**Bahagi Ng Editoryal** — **Itala ang mga Pangungusap**<br>**Panimula (Balita)** — | |

| Pagtalakay Nilalaman | |
|---|---|
| **Reaksyon** | |

**Tala:**

**TRANSISYUNAL NA GRAMATIKAL (Transistional Devices)**

**-** ay mga instrumento na ginagamit sa pagsusulat
-salita o parirala na paraan upang magdala ng kaisipan mula sa isang pangungusap patungo sa isa pa
-ginagamit rin ito para maisalin ang ideya galing sa isang paksa papunta sa isang paksa okayat talata patungo sa isang talata
-nag-uugnay ng mga pangungusap at talata sa isang maayos na paraan

URI NG TRANSISYUNAL NA DEVICES
--pagbabago sa pagitan ng pangungusap
--ginagamit kapag ang pangungusap ay lamang bahagyang may kaugnayan
--at ang mga ideya na kailangan maging konektado

Mga Pangatnig
Konektibong pang-abay

Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| sumunod | sa negatibong panig | bago |
| sa positibong panig | sa wakas | bukod sa |
| pagkatapos | gayunpaman | bilang karagdagan |
| sa katunayan | partikular sa | bagaman |
| sa kabilang banda | una | balo na |

**KOHESYONG GRAMATIKAL (Cohesion Devices)**

| | | |
|---|---|---|
| | Ang mga panghalip na ginagamit bilang panghalili upang maiwasan ang paulit-ulit na pagbanggit ng pangngalan. Ito ay ang anaphora at katapora sa loob ng pangungusap.<br>--makikita sa pagsulat ng tekstong deskriptibo<br>--ginagamit itong gramatika upang ang salita ay di na maulit<br>ANAPORA – ang ginagamit kapag ang panghalip ay nasa hulihan ng pangngalan, samantalang KATAPORA naman ang nagagamit tuwing nasa harap ang panghalip.<br><br>Halibawa:<br>Si Peter ay maagang pumapasok sa paaralan upang masubaybayan **niya** ang mga aralin.<br>Si Rita'y nakapagtuturo sa paaralang bayan, **diyan** sa nakilala ang iyong anak.<br>Kinausap ko si Hector, sinabi ko na **siya'y** mahusay gumawa ng suliras.<br><br>**GAWAIN 3. HIKAYAT-SALITA:** Isulat sa dulo ng hugis hexagon ang mapanghikayat na salita o Pahayag na ginamit sa sinuring editoryal.<br> | |
| **D. Paglalahat** | **IKATLONG ARAW**<br>**Tala:**<br>Sa mundo ng panitikan at pagsusulat, ang tekstong persuweysib ay isang mahalagang aspeto na naglalayong impluwensiyahan ang mga mambabasa o tagapakinig na paniwalaan o suportahan ang isang ideya, opinyon, o pananaw. Ito ay isang masusing uri ng pagsusulat na naglalayong magbigay-katwiran o makumbinsi ang mga tao na tanggapin ang isang partikular na perspektiba o pananaw.<br>Ang tekstong persuweysib ay naglalayong gamitin ang mga argumento, ebidensya, at lohika upang maipahayag ang isang ideya o paniniwala.<br><br>Ang **tekstong persweysib** ayon sa istruktura ay nagtataglay ng punto, ebidensya, at analisis. | |

Punto ng argumento ay mga pangunahing punto o dahilan na sumusuporta
Dapat itong naglalaman ng mga lohikal na paliwanag at ebidensya upang patunayan ang pahayag ng manunulat.
Sa ilalim ng prinsipyong ito, inilalatag ng manunulat ang mga argumento ng kabilang panig bago niya ito sagutin.
Ito ay isang paraan ng pagsasaalaysay ng mga opinyon ng iba bago ilahad ang sariling panig.

Ebidensya ay mga konkretong halimbawa, datos, o katibayan na nagpapatibay sa mga argumento ng manunulat. Ito ay ginagamit upang patunayan ang kredebilidad ng mga pahayag.

‘

Analisis- sa pagwawakas ng teksto, inilalahad ng manunulat ang kanyang pangwakas na pahayag o kongklusyon.
Ito ay muling nagpapakita ng pangunahing punto o ideya na nais niyang maiwan sa mga mambabasa.
Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng mga ideya at pananaw na maaaring magkaroon ng malawakang impluwensya.

**IKAAPAT NA ARAW**

**PANGKATANG GAWAIN. PAKSA-HIKAYAT:** Basahin at suriin ang tekstong persweysib batay sa istruktura nito (punto, ebidensya, at analisis)
EDITORYAL — Punumpuno ng pag-asa

MARAMI sa mga Pilipino ang sasalubungin ang 2024 na punumpuno ng pag-asa. Naniniwala sila na ang 2024 at maghahatid sa kanila nang magandang buhay. Malaki ang paniwala nila na magbabago ang buhay at makakamtan na ang mga pinapangarap.

Buong-buo ang paniwala nila na magkakaroon ng magandang kapalaran sa papasok na taon.

| | | |
|---|---|---|
| | Sa surbey ng Social Weather Stations (SWS) na isinagawa noong Disyembre 8 hanggang Disyembre 11, 2023, lumabas na 96 percent ang nagsabing sasalubungin nila nang may mataas na pag-asa ang 2024. Mataas ito kaysa surbey ng SWS na ginawa noong 2022 na 95 percent ang nagsabing haharapin nila ng may pag-asa ang 2023. Noong 2019 (bago ang pandemya) sa surbey pa rin ng SWS, lumabas na 96 percent din ang nagsabing punumpuno sila ng pag-asa.<br><br>Bagamat marami ang nagsasabi na haharapin nila ang 2024 nang may pag-asa, may mga nagsabi rin na natatakot sila sa pagpasok ng 2024. Ayon sa surbey, 3 percent ang nagsabi na natatakot sila. Ang mga nainterbyu ay mga adult respondents na binubuo ng 1,200 individuals.<br><br>Hindi naman talaga maiiwasan na magkaroon ng takot o pangamba sa respondents sa papasok na taon dahil na rin marahil sa maraming problema. Unang-una na ay ang kawalan ng trabaho ng nakararaming Pilipino. Marami pa rin ang walang kasiguruhan sa hanapbuhay sapagkat ngayon pa lamang nakababawi ang ekonomiya dahil sa pananalasa ng pandemya.<br><br>Problema rin ang mataas na bilihin gaya ng bigas na hanggang ngayon ay hindi bumababa ang presyo. Ang pangakong ibaba sa P20 per kilo ay sa panaginip lang. Bukod sa bigas, mataas din ang presyo ng iba pang bilihin. Mataas din ang pasahe dahil sa sunud-sunod na oil price hike.<br><br>Kamakailan, sinabi ng Malacañang na umaabot na sa kabuuang P4.019 trilyon o US$72.178 bilyon ang halaga ng investments na naiuwi ni President Marcos Jr. mula sa pagbisita sa iba't ibang bansa. Ayon sa Department of Trade and Industry (DTI) ang P4 trilyong halaga ng investments ay binubuo ng 148 projects na karamihan ay nasa sektor ng manufacturing, renewable energy, data centers, telecommunications at pharma manufacturing.<br><br>Kung totoo ang malaking investments na ito, tiyak na maraming trabaho ang iluluwal. Kapag nangyari ito sa 2024, tiyak na lalong dadami ang makadarama ng mataas na pag-asa sa buhay.<br><br>**PANGKAT 1**<br>Argumento<br>________________________________________<br>________________________________________<br>_ | |

Ebidensya______________________________________________________________

_

Analisis________________________________________________________________

___

**PANGKAT 2** TRANSISYONAL AT KOHESYONG GRAMATIKAL SA BINASA
Isulat ang piniling pangungusap na ginamitan ng mga transisyonal at kohesyong gramatikal. Salungguhitan ang mga ito.

**PANGKAT 3**
**KARTUN- BISWAL Panuto:** Suriin ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento. Sumulat ng pagtalakay sa larawang na nakikita. Sikaping nakasunod sa balangkas ng editorial na persweysib.

***Maghanap ng larawan ng editoryal patungkol sa ugnayan ng Pilipinas, Tsina, at Estados Unidos.***

________________________________________________________________-

**RUBRIK SA PAGSULAT**
**Persweysib na Editoryal**

| BAHAGI | **10** | **8** | **6** |
|---|---|---|---|
| Panimula (Balita) | Tiyak na inilahad na detalye na balita kaugnay sa isyung tunay na interes ng mambabasa | May isang kulang Inilahad na detalye na balita kaugnay sa isyung tunay na interes ng mambabasa | May dalawang kulang sa inilahad na detalye na balita kaugnay sa isyung tunay na interes ng mambabasa |
| Punto ng Argumento | Mahusay na mahusay ang punto ng argumento sa pagtalakay | Mahusay ang punto ng argumento sa pagtalakay | May kakulanagan ang punto ng argumento sa pagtalakay |

*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ebidensya | Gumamit ng ganap na pagsasaliksik ng ebidensya sa pagpapatunay | Gumamit ng pagsasaliksik ng ebidensya sa pagpapatunay | May kakulangan sa pagsasaliksik ng ebidensya sa pagpapatunay |
| Analisis | Mabisa at mahusay na kongklusyon sa kabuoan | May mainam na kongklusyon sa kabuoan. | May kongklusyon sa kabuoan |
| Reaksyon/ Panghihikayat | Mapanghikayat ang ginamit na pananalita mula simula hanggang sa pagtatapos | Mapanghikayat ang ginamit na pananalita mula sa gitnang bahagi hanggang sa pagtatapos | Mapanghikayat ang ginamit na pananalita sa pagtatapos |

**PANGKAT 4 SULAT-MULAT:** Gumawa ng pagsusuri sa halaga ng binasang editorial. Sikaping mabigyang halaga ang inilapat na editorial cartoon sa kabuluhan ng binasa sa tekstong biswal na aspeto.

Kung susuriin ang sinulat na akda gamit ang rubrik mababatid ang kahusayan nito. May ginagawang paraan sa pagsulat ng pagsusuri.

Narito ang dapat isaalang-alang sa Hakbangin sa pasulat ng rebyu.

**PAGSULAT NG REBYU**

Ang rebyu ay isang akdang sumusuri o pumupuna sa isang likhang-sining. Maingat ditong binibigyang-pansin ang mga sangkap o element ng genre na nirebyu upang ang isang kritiko ay makapaglahad ng obhetibo at matalinong analisis. Kahit anong likhang sining: nababasa napapanood naririnig, nakikita.

-muling pagtingin o pagsulyap. Kadalasan din itong ginagamit upang tukuyin ang ginawang pagbabago o pag-iba maaaring sa aklat, detalyadong pagsusuri

-hindi ito simpleng pagbubuod kundi isa rin itong pagtataya sa mga katangian ng akda, maingat at masining na bubusisiin ang buong akda "cover to cover nang mapag-alaman nang husto.

**BALANGKAS SA PAGSUSURI NG AKLAT.**

I. Pamagat ng katha

a. Bakit ito ang titulo?

b. kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong bigyan o palitan ang titulo nito, ano ito?

At bakit?

| | | |
|---|---|---|
| | II. Pagsusuri<br>A. Uring Pampanitikan- Pagbibigay ng uri at paliwanag tungkol dito (uri ng tula,<br>uri ng maikling kuwento, uri ng dula, uri ng nobela, atbp.)<br>B. Istilo ng Paglalahad- Paraan ng paglalahad ng mga kaisipan o pangyayari (patumbalik-isip, daloy ng kaisipan, in media res ect.)<br>C. Sariling Reaksyon<br>1. Pananalig sa pampanitikang teorya<br>2. Mga pansin at puna<br>a. Mga tauhan<br>b. Mga galaw ng pangyayari<br>3. Bisang pampanitikan<br>a. Bisa sa isip<br>b. Bisa sa damdamin<br>c. Bisa sa kaasalan<br>d. Bisa sa lipunan<br>III. Pagpapahalaga ayon sa nilalaman<br>1. Kalagayang sosyal at pangkabuhayan<br>2. Kulturang Pilipino (Para sa mga ingles na aklat, iugnay ang mga ito)<br>3. Pilosopiyang Pilipino (Para sa mga ingles na aklat, iugnay ang mga ito)<br>4. Simbolismong Pilipino (Para sa mga ingles na aklat, iugnay ang mga ito)<br>IV. Implikasyon<br>1. Kalagayang panlipunan/pambansa<br>2. Kalagayang pangkabuhayan<br>3. Kalagayang pansarili<br>V. Buod | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto: *Sagutin ang mga tanong.***<br>a. Ano ang mga bahagi na bumubuo sa editoryal?<br>b. Bakit sanaysay ang isang editoryal?<br>c. Sa pagsulat ng editoryal bakit karaniwan ay nagpapabatid at nanghihikayat? | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">2. Gawaing Pantahanan/Takdang aralin<br>Sa pagbabasa gawing gabay ang hakbang sa pagsulat ng rebyu sa isang babasahin.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u></td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |